You are receiving this email because you have previously signed up for,
or expressed interest in, ongoing community engagement initiatives led by the Air District.

Having trouble viewing this email? View online.
Please do not respond to this email.

Assistance in: Chinese | Spanish | Vietnamese | Tagalog **Send to a friend**

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

Panawagan para sa Mga Aplikasyon – James Cary Smith Programa ng Grant sa Komunidad

$1.5 milyon, available para sa mga grupo sa komunidad, kapisanan sa komunidad, at nonprofit

Minamahal na Komunidad ng Bay Area,

Ikinagagalak ng Distrito ng Hangin na mag-anunsyo ng oportunidad para sa grant para sa mga grupo sa komunidad, kapisanan sa komunidad, at nonprofit na organisasyon para maisulong ang mga pagsisikap sa lokal na nagpapaganda sa kalidad ng hangin at nagpapabuti sa kalusugan ng publiko.

Magbibigay ang Cycle 2 ng James Cary Smith Community Grant Program ng hanggang $300,000 sa bawat organisasyon sa loob ng tatlong taon, na may maximum na $100,000 bawat taon.

- Dapat gamitin ang mga grant para magdisenyo at magpatupad ng mga estratehiyang susuporta sa ganap na pakikibahagi at pamumuno sa mga komunidad na pinakaapektado ng kawalan ng katarungan sa kapaligiran para maimpluwensyahan ang patakaran at mapaganda ang kalidad ng hangin.
- Nasa hurisdiksyon dapat ng Bay Area na may siyam na county ng Distrito ng Hangin ang mga proyekto, at isasapriyoridad ang mga komunidad na nagsusulong ng katarungan sa kapaligiran.

Tatanggap ng mga aplikasyon hanggang Enero 7, 2025 nang 5 PM Pacific Time. Para sa karagdagang impormasyon at para mag-apply, bumisita sa www.baaqmd.gov/communitygrants.

Mahahalagang Petsa

- Martes, Oktubre 22, 2024 – 10 AM: Opsyonal na Webinar para sa Impormasyon (link ng pagpaparehistro)
- Huwebes, Nobyembre 7, 2024 – 2 PM: Webinar ng Opsyonal na Tips and Tricks Bago ang Aplikasyon (link sa Zoom)
- Miyerkules, Disyembre 4, 2024 – 5 PM: Takdang petsa para sa lahat ng tanong tungkol sa mga aplikasyon para sa grant
- Huwebes, Disyembre 12, 2024 – 5 PM: Ipo-post ang lahat ng sagot sa mga tanong tungkol sa aplikasyon para sa grant
- Martes, Enero 7, 2025 – 5 PM Pacific Time: Takdang petsa ng lahat ng aplikasyon para sa grant
- Taglamig 2025: Ipapadala ang mga abiso tungkol sa Pagbibigay ng Grant
- Tagsibol 2025: Isasapinal ang mga kasunduan sa grant
- Tag-init 2025 – Tag-init 2028: Magtatrabaho ang mga grantee, at magsusumite sila ng mga regular na ulat at invoice sa grant

Ire-record at ipo-post ang parehong webinar sa sumusunod na webpage: www.baaqmd.gov/communitygrants.

Puwedeng magbigay ng kasabay na pag-interpret ng wika para sa mga webinar tungkol sa grant kapag hiniling. Makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov o sa 415-749-4914 para humiling ng pagsasalin. Pakisumite ang anumang kahilingan para sa pag-interpret ng wika para sa Opsyonal na Webinar para sa Impormasyon bago mag-5:00 PM sa Oktubre 15, 2024 para matiyak na may available na interpreter.

Makakakita ng bersyon ng abisong ito at ng mga materyales ng grant sa wikang Spanish, Chinese, Tagalog, at Vietnamese sa sumusunod na webpage: www.baaqmd.gov/communitygrants.

Para sa mga pangkalahatang tanong o tulong, makipag-ugnayan sa communitygrants@baaqmd.gov.

Nagsisikap na protektahan ang kalusugan ng publiko, kalidad ng hangin, at pandaigdigang klima,
Ang inyong Distrito ng Hangin

Bay Area Air Quality Management District
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
(415) 749-4900 | 1-800-HELP-AIR | Email: feedback@baaqmd.gov

This email was by: Bay Area Air Quality Management District

We respect your right to privacy. Please review our **Privacy Policy.**

Contact Us | Terms of Use | Privacy Policy